



### Abstract

The six short pieces (dagli) contemplate life under a fascist regime, before and during the pandemic. While the pieces play satire, everyday practices provide slices of realities.



### Keywords

Dagli (short narratives), Lumad, fascism, lockdown, satire


### English titles

Holy Week Message and Other Short Narratives

1. Holy Week Message
2. Spider
3. The Executioner's Breakfast
4. Caterpillar
5. Lizard
6. Visitor

# MENSAHE NGAYONG SEMANA SANTA AT IBA PANG DAGLI


**MYKEL ANDRADA**


## Mensahe Ngayong Semana Santa

Bakit ba dinistorbo n'yo tulog ko? Ganda-ganda ng panaginip ko! I was swimming in Manila Bay. Mag-picture na kami dapat sa mga lumba-lumba, kasi last year, if you remember, nag-pose for a picture si Hari kasama ang mga lumba-lumba. We were getting ready for the camera, tapos biglang gisingin n'yo 'ko! Yawa! Di tuloy ako nakapag-picture sa mga lumba-lumba. You know, the dolphins are very smart, very intelligent aquatic create-tures. Kaya 'yung mga bobo diyan, kayong nagmamagaling, kayo na who think you're better than me: manghiram kayo ng utak sa dolphin! Lalo ka babae ka na wala nang ginawa kundi magreklamo at magpa-media. Yawa! At kayong media, pag nagkalaban kayo sa 'kin, makita n'yo, I am telling you, ipasara ko kayo!

Mga jeepney driver titigas ng ulo n'yo! Dadrama pa kayo namamalimos sa kalsada. Sulsulan pa kayo ng mga aktibista! Mga terorista 'yan! Gawin n'yo pa akong inutil. Wala bang ginawa ang gobyerno para sa inyo? Sa totoo lang, nalulungkot ako. I am deeply, truly, madly sad.

Wala bang ginawa ang gobyerno? Kabuang! Duraan ko kayo! Sabi na sa inyo, magsunod kayo sa utos ko. Walang palakasan! Bawal sumingit sa pila ng baksin. 'Yung mayor ninyo, he did not skip the line even if he got vaccinated pero hindi siya priority. Nag-sub lang siya. Daghang pangutana! Daghang reklamo!

Daghang salamat, inday, sa cake. I-blow mo ako? I'm sorry, ako pala mag-blow sa 'yo. Itong candle i-blow ko. Hihipuan . . . hihipan pala. Itago mo 'yung litson, baka makita sa veedyo. Bakit mo iniwas 'yang ibaba mo? 'Wag kang mag-atras! Duha daliri ko: the hintuturo and the hinlalato! Sanay ka na sa akin. You know I'm just joking.

Peste talaga nadistorbo tulog ko. Reklamo nang reklamo. Tapos magtaka pa kayo bakit mabilis akong nagpirma ng batas. Pero you know, while I was dreaming a while back, I noticed the fine and clean sand sa beach. I kennat resist hugging the dolomite. Tapos naggawa ako ng sand castle. It was grand, huge. No one, I say no one, except maybe China, can beat my castle. Sinabi ko sa inyo, kapag kinumpetensiya n'yo 'yung palasyo ko, duraan ko ang buhangin tapos ihilamos ko sa pagmumukha n'yo. Don't! Don't underestimate me! Kill, kill, kill lahat ng maglaban sa 'kin. Sinabi ko na 'yan sa inyo. Magtigil kayo. Huwag magreklamo. Yawa! Sarap ng tulog ko sa kulambo, tapos gisingin n'yo ako, 'yun pala reklamo lang uli. Tang inumin n'yo para matamis veetamin C panlaban sa veerus.

My Holy Week message? Simple lang sabihin ko sa inyo: matagal na tayong nakabakasyon kaya I declare, with my fist in mid-air, Holy Week is Huli Week!

## Gagamba

Alam ng mga gagamba na ang mga bahay natin ay bahay rin nila. Mga arkitekto at inhinyero sila: nagdidisenyo, nagtatahi, at nagtatayo ng mga sapot na bahay sa kisame. Ginagawa nilang mga poste ang bumbilya, ang nakasampay na charger ng hindi na ginagamit na lumang modem, at ang mga basyo ng alak na tila mga imahen ng santong matagal nang hindi napupunasan.

Kabisado ng mga gagamba ang taas, lalim, at lawak ng mga espasyo ng bahay natin. Sigurado sila kung saang sulok ng tahanan magtatayo ng sariling tahanan, na nagsisilbi ring patibong para sa mga uulamin nilang insekto. Sigurado sila kung saang sulok mas makararami ng huli. Sigurado sila kung saan sila mas makakikilos nang malaya at malayo sa

panganib. Kalkulado nila kahit ang lakas o hina ng tama ng hangin. Wala silang konsepto ng pribadong pagmamay-ari tulad noong wala pang titulo ang mga lupa at wala pang hangganan ang mga teritoryo.

Noong bata ako, at minsan, kahit ngayong tumanda na ako, takot o nagugulat pa rin ako sa malalaking gagamba. Pero 'yung maliliit—mga gagambang bahay at mga gagamba sa halaman—mga gagambang umaakyat sa sanga—hinuhuli namin noon at pinagsasabong sa istik o patpat. Pagkatapos ng maghapong labanan sa kalye, patutulugin namin ang mga alagang mandirigma. Ilalagay namin sa espasyo sa loob ng nakakuyom na mga palad, maingat na titiyaking hindi siya mapipisa. Aalugin namin ang gagamba at hihipan para patulugin siya. Kapag itiniklop na ng gagamba ang mga binti o paa niya, ililipat namin siya sa tutulugan niya. Para magkabahay ang mga alagang mandirigma, palalayasin namin ang mga palito ng posporo mula sa kanilang lungga.

Noong binatilyo ako, minsang naliligo, may biglang lumabas na malaking gagamba mula sa kung saang sulok ng banyo. Sa takot at gulat ko ay binuhusan ko ito ng tubig. Paulit-ulit hanggang sa napilay na 'yung gagamba at tumupi ang kaniyang mga binti't paa. Habang kinukurot ang konsensiya ko, may nakita akong kung anong bilog na bagay sa ilalim ng gagamba. Bitbit pala ito ng gagamba, na pakiwari ko'y pinoprotektahan niya. Parang maliit na bilog na flat na unan. Nang paika-ikang lumayo—o pinalayo ko—ang gagamba, kinuha ko ang unan. Parang maputlang pink ang kulay pero makintab at makinis ang punda. Binuksan ko ang unan sa tagiliran nito. Kung tama ang memorya ko, parang mga hibla ng bulak ang nasa loob nito. Inunan ba ng gagamba ang unan na ito? Para saan? Para kanino? Likha ba ito ng pagmamahalan ng mga arkitekto't inhinyerong gagamba? Bahay ba ito ng maliliit na mga anak ng gagamba? Nagsapot-sapot ang mga tanong sa tahanan ng konsensiya.

Ngayong naka-lockdown ako sa loob ng bahay, tulad ng gagamba ay nakakabisa ko na ang taas, lalim, at lawak ng mga espasyo at sulok ng bahay, habang naaalala na maraming Pilipino ang walang sariling bahay. Walang sariling tahanan. Itinaboy ng gobyerno't negosyo. Nagpaampon na sa kilikili at singit ng mga bangketa. Ang kisame nila'y ang langit na madalas ay nahaharangan ng nagsasapot-sapot na mga kable ng poste. At para akong gagamba na nangangarap na umakyat sa sanga ng puno—umaasa at nananalangin na darating ang araw na ang sariling bayan ay tunay na magiging tahanan para sa lahat.

# Almusal ng Berdugo

Naiwan ang hulma ng mukha ni Berdugo sa malambot na unan. Mahimbing ang tulog niya habang ang kaniyang mga aso'y gumagala sa labas. Nanaginip siya na ang kaniyang anak ay tumatakbo, kasingtuling tumakbo ng kaniyang mga aso. Pagkagising niya'y nakangiti siya. “Run, anak, run!”

Hinimas-himas niya ang ilong niyang bako-bako habang nakatitig sa kulambo. Makapangyarihan ang kaniyang kulambo. Walang kahit na anong tunog mula sa labas ang kayang magsumuot sa maliliit na butas ng kulambo. Walang makaiistorbo sa kaniya. Kahit ang halos mapaos nang pagngiyaw ng mga pusang gutom sa labas ng palasyo niya ay hindi niya naririnig.

Dinalhan siya ng kaniyang asawa ng paborito niyang almusal. Naglaway siya nang makita ang itim na sabaw. Kinuha niya ang ginintuang kutsara para humigop ng itim na sabaw. Nagising ang dugo ni Berdugo sa lasa at linamnam ng halos matunaw na himay-himay na pulang karne. Tinanong niya ang asawa kung bakit mas mapula ang karne kumpara sa dati. “Bagong huli ng mga aso mo,” sagot ng kaniyang asawa na nakapomada ang buhok. “Karne 'yan ng pinakamaiingay na pusa mula pa sa Timog Katagalugan,” dagdag ng kaniyang asawa. “Kaya pala mapulang-mapula ang karne,” nakangising sabi ni Berdugo. “Pati itong sabaw, anlakas! Palaban! Pakisabi kay Tonyo, good job!” Si Tonyo ang pinuno ng mga aso sa Timog Katagalugan at taga-atungal ng grupong naatasang sugpuin, hulihin, at patayin ang mga pusa.

Nangangarap ang mga mata ni Berdugo na tuluyan nang mapaslang ang lahat ng mga pusa. Masarap siyang ngumunguya ng karne nang biglang napamura siya nang malakas. “Pesteng yawa!” May nakagat siyang matigas at matalas. Nasugatan ang dila niya. Iniluwa niya. Maliit ngunit matalim na karit ang kuko ng pusa.

# Higad

Parang maliliit na puno ang cauliflower, hindi kailangang i-bonsai. Isinahod ko kanina sa tubig ng gripo ang cauliflower. Ipinagpag ko ito para matanggal ang sobrang tubig. Habang tinatanggal ang matitigas na mga tangkay ng hawak kong bungkos, napatingin ako sa isa pang bungkos ng hindi pa nalilinisang cauliflower. May kumikislot na makintab, tila madulas at mamasa-masa ang balat.

Kung mas bata pa ako, quadruple siguro ang pandidiri ko. At malamang itinapon ko ang lahat ng tatlong bungkos ng cauliflower. Pero mas matanda na ako ngayon. At alam ko na rin na kung may namamasyal, naglalagi, o nanginginaing higad o uod sa gulay ay dapat pang magpasalamat. Senyales kasi ito na wala o kaunting pestisidyo lamang ang inilagay sa cauliflower.

Ilang araw na kayang nagpasikot-sikot ang higad na ito sa laberinto ng cauliflower? Gaano na kaya karaming maliliit na puno ang nakain niya? Pinakuluan ko ang mga tinapyas na bulaklak ng cauliflower. Ang maputing-madilaw na kulay ng maliliit na puno'y naging berde sa pakikipagniig sa init ng tubig.

Buti maraming itinirang cauliflower ang higad para sa amin. Hindi siya nang-agaw. Hindi siya nanibasib. Hindi siya nagdamot. Hindi siya naging ganid. Hindi siya naging senador o may-ari ng mall na nang-agaw ng lupa, nagputol ng mga puno, at nagpagawa ng subdibisyon, golf course, at parking lot ng mall.

## Butiki

Habang naghuhugas ng mga pinagkainan at pinaglutuan, narinig kong tumunog ang plastik na pinaglagyan ko ng tutong. Akala ko ay bubuwit na gustong butasin ang plastik. Laking gulat ko nang makita kong butiki ang ngumangatngat sa plastik.

Ang turo sa amin noong estudyante ako ng BS Biology sa UST ay insectivore ang mga butiki. Maliliit na insekto ang kanilang natural prey at diet. Pero nitong nagdaang mga taon, naobserbahan ko ang pagbabago sa diet ng mga butiki. Hindi ito nakapagtataka dahil ginugupo na ng insecticide ang mga insektong dapat ay natural na pagkain ng mga butiki.

Hindi lang tirang kanin at gulay ang kinakain ng mga butiki ngayon. Nakakita ako ng butiki na kumakain ng taba ng barbeque! Ikakategorya na bang omnivore ang mga butiki ngayon?

Naobserbahan ko ring mas malaki ang mga butiki ngayon. Para silang tambay sa gym. At mas malalaki at tila mas patusok o mas matalas ang kanilang mga ngipin.

Totoo ang ebolusyon ng kahit anong organismo. Nakasalalay ang adaptasyon sa kapaligiran. Sa panahong ang orihinal na mga tahanan ng mas maliliit na organismo ay napalitan na ng tahanan ng mga tao at

ng industriya ng kapital—nagbabago ang ekolohiya—at naghahanap ng homeostasis (equilibrium o balanse) ang mga organismo sa mundong may bago nang kasama tulad ng mga tao.

Sinong dapat mag-adjust? Ang butiki o ang tao? Sa lipunang pinatatakbo ng mga nasa poder ng kapangyarihan at ng salapi—sino ang mga butiki at sino ang mga tao? Sana mag-ebolusyon na rin tungo sa pagiging makatao, mapagkalinga, makabayan, at makatarungan ang mga taong namumuno sa bansa.

## Bisita

Higante ang anino ng gusali ng Vanguard. Nakaupo kami sa mga baitang ng hagdan ng gusali. Tanaw namin ang dati'y bakanteng madamong lote na ngayo'y puno ng mga bisita. Sa gitna nito'y nagtatayo ng makulay na silungang tent ang ilang boluntir at bisita.

Maririnig sa di kalayuan ang nagmamadaling negosyo ng Commonwealth: mga umaarangkadang bus, jeep, at FX. Ang ilang nakapaligo't nakapaglabang bisita ay nagsasampay ng mga damit sa bakod para hindi masayang ang ngiti ng araw. Sa kanan ko'y naglalaro ang mga bata. Natatakpan ng anino ang maliliit pero mabibilis na hakbang nila. Nang mapagod sa umagang ritwal ng paglalaro, humapon sila sa gilid at umupong pabilog nang magkakaharap sa isa't isa. May batang nagsimulang umawit ng "Pusong Bato," marahil ay natutuhan at namemorya na nila dahil sa ilang buwang pamamalagi sa lungsod.

Maya-maya'y may mamamahayag na lumapit sa isang bata. Niyakag niya ito paalis mula sa bilog. Inabutan niya ang bata ng isang piraso ng kendi. Mahina niyang sinabi na "Huwag mo nang ipakita sa iba. Isa lang kasi ito." Tumango ang bata at nagpasalamat. Bago bumalik sa bilog, pumulot ng bato ang bata. Bumalik siya sa kaniyang puwesto. Lumuhod siya at inilagay sa gitna ng bilog ang kendi. Dinikdik niya ang kendi gamit ang bato. Nang matiyak na durog na ang kendi sa loob, binuksan niya ang plastik na balat at inilatag na parang banig. Isa-isang idinampi ng mga batang Lumad ang kanilang hintuturo sa dinurog na kendi.